TRPKNNMN

Gloc-9

Pagod sa trabaho, makulit na amo
Wala pang sweldo baon ko di aabot paano
Ko pagkakasyahin pengeng malupit na plano
Sahod na parang nakahingi ka ng balato
Disgrasya demo-demokrasya
Dito sa bayan na karangyaa'y madalas na pinapantasya
Lumang sapatos na pilit mong pinapagkasya
Pangarap na di mo mapaliit ang distansya
Na maabot, oy alas singko na pala
Makabyahe na para di makasabay ang iba
Sa kalsada na palagi na lamang halabira
Mga maling sulat ng lapis pero di mo mabura
Gano na ba kahaba ang pila sa LRT
Sana nama'y di na tumirik ang MRT
Ingat baka madukutan ka pa ng iPhone 3
Ito ang 'sang dinadaing araw man o gabi

Gusto ko ng umuwi
Gusto ko ng umuwi
Araw araw na lang ganito mula sa Monumento
Lagro, hanggang sa Quiapo
Crossing ilalim, ibabaw nasan ka na raw
Nasa Cubao nilalangaw
Gusto ko ng umuwi
Gusto ko ng umuwi
Kaso trapik na naman

Paulit-ulit ulit ulit ulit
Na inuukit ukit ukit ukit ukit
Sa kukote na patuloy yata na kumikitid
Tila mas may silbi pa ang sinulid kaysa sa lubid
Mga bibig na burara, mga kamay na bastos
Sa sasakyang may kamao at may pangalan ng Diyos
Ayaw ayusin ang sira, sisirain ang ayos
Sila na nakaraparada sa mga daan na kapos
Tapos bawal magsakay, bawal magbaba
Lahat ng bawal ginawa ang kapal ng mukha
Dito po tayo tumawid pero nasa kabila
Tapos nagtataka bakit di umuunlad ang bansa
Hanggang baba ng pila ng tao sa LRT
Lahat kasi tumirik na naman na MRT
May napatay na holdaper dahil sa iPhone 3
Ano ang lagi mong daing araw man o gabi

Gusto ko ng umuwi
Gusto ko ng umuwi
Araw araw na lang ganito mula sa Monumento
Lagro, hanggang sa Quiapo
Crossing ilalim, ibabaw nasan ka na raw
Nasa Cubao nilalangaw
Gusto ko ng umuwi
Gusto ko ng umuwi
Kaso trapik na naman

Tištěno z pisnicky-akordy.cz

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!